PAGPILI AT PAGTAYO SA ISANG LOKASYON

Maraming bagay na dapat isa-alang-alang sa pagdesisyon kung saan ang lokasyon ng negosyo at paano ang ayos ng opisina, tindahan o kasangkapan.

LOKASYON NG TINDAHAN

Bilang may-ari ng negosyo, mahalagang malaman mo na ang lokasyon ng tindahan ay may-epekto sa tagumpay at paglugi ng negosyo.

Apat na bagay ang dapat isa-alang-alang sa pagpili ng lokasyon:

- **Pook:** Seguraduhin na ang lugar ay sona sa tipo ng iyong negosyo.
- **Demograpiya**: Alamin ang demograpiya sa papulasyon ng lugar ay mabuti sa uri ng negosyo (tulad ng - edad ng papulasyon, kinikita, laki ng pamilya)
- **Suriin ang trapiko:** Tiyakin na ikaw ay nasa lugar na mataas ang trapiko at madaling puntahan (sasakyan publiko, parking).
- **Kompetisyon:** Tiyakin na ang mga tindahan na malapit sa iyo ay hindi tapat na kompetisyon sa iyong negosyo.

Ito ang ilang halimbawa ng bagay tungkol sa natutukoy na tipo ng tindahan:

- **Convenience stores (supermarkets, hardware, panaderya, tindahan ng bilihan ng gamot)**: Kung ikaw ay may tindahan na kombinyente, maghanap ng lugar na nasa walang tigil na mall o nasa lugar na mataas ang trapiko. Nais ng mga parokyano na bumili ng maraming bagay sa isang lugar, kaya makakatulong sa iyong tindahan kung kabilang sa ibang tindahan ang iyong negosyo.
- **Natatanging tindahan (nagtinda ng bukod-tangi, mahirap hanapin na produkto):** Kung tindahan mo ay bukod-tangi, ang iyong produkto ay bukod-tangi at kalimitan ang parokyano ay hindi maabalang pumunta upang bumili nito.

Acclr, par le biais de son service d'intelligence d'affaires, reçoit le soutien financier de Développement économique Canada pour les régions du Québec et est membre du Réseau Entreprises Canada.
Acclr, through its business intelligence department, receives financial support from Canada Economic Development for Quebec Regions and is a member of the Canada Business Network.
Développement économique Canada pour les régions du Québec
Canada Economic Development for Quebec Regions

- **Tingiang tindahan (pananamit, pangunahing kasangkapan , atbp**.) Kung pagtingi ang iyong tindahan, maghanap ng lugar sa isang dinudumog na shopping centre na makapagpili ang mga parokyano bago magdesisyon bumili. Ang mga bagay na karangyaan ay pangkalahatang benibenta sa mas mataas na presyo. Tingiang tindahan ay nakalugar sa shopping mall na nagbigay ng kompetisyon at malamang na mas matagumpay ito kaysa nakalugar na mag-isa.

Tanungin ang departamento ng sona ng siyudad para sa impormasyon sa napili mong lokasyon.Tiyakin na walang sagabal sa pagpapalakad ng negosyo. Gusto mo rin alamin kung mayroon ginagawa o pagbabago sa trapiko na hahadlang sa pamamalakad.

PAGPAPARENTA

Bago pumayag sa mahabang-pagrenta, magpasiya kung gaano ka katagal sa lokasyon. Ang sumusunod na puntos ay dapat pag-isipan:

- Matagalan ba ang iyong plano sa negosyo o ilang taon lamang?
- Maari mo bang palawakin ang negosyo sa lugar na iyon?
- Maari bang mabago iyong pagrenta, para mayroon kang pagpilian na baguhin o maghanap ng ibang lokasyon?
- Nakapako ba ang renta o basihan sa lakas ng benta?
- Seguradohin na ang lahat na pangako ng may-ari ng gusali sa iyo ay nakasulat, tulad ng, pagkumpuni, konstruksiyon, pag-adorno, pagbabago at pagmementena.

TULONG SA PAGHANAP NG LOKASYON

Maari mong kumuha ng tagapag-konsulta para suriin ang mga lokasyon na iyong napipili. Dahil nais mo ang pinakamahusay na lugar para sa tindahan, mabuting ideya na humingi ng mas maraming tulong. Kung wala kang mahanap na gustong lokasyon, maghintay bago magbukas ng tindahan.